Behavioral Health Department
Alameda County Health

Mga Kinakailangan sa Pahintulot sa Telehealth at Form ng Pahintulot sa Telehealth ng ACBH

Mga Kinakailangan ng DHCS[1]

Alinsunod sa BHIN 23-018, ang Department of Health Care Services (DHCS) ay dapat ipagawa sa mga provider ang lahat ng sumusunod:

- Kumuha ng pasalita o nakasulat na pahintulot para sa paggamit ng telehealth bilang isang tanggap na paraan ng paghahatid ng mga serbisyo *bago ang paunang ibigay ang mga sakop na serbisyo sa pamamagitan ng telehealth* (sabay ang audio *at* video) o telepono (audio lamang).

- Ipaliwanag ang mga partikular na impormasyon sa mga benepisyaryo hinggil sa paggamit ng telehealth.

- Idokumento sa medikal na record ng benepisyaryo ang kanilang pasalita o nakasulat na pahintulot upang tumanggap ng sakop na mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth *bago ibigay ang paunang mga serbisyo*.

Pagkuha ng Pahintulot sa Telehealth

Ang ACBH ay lumikha ng dalawang pagpipilian para sa pagkuha ng Pahintulot sa Telehealth bago simulan ang mga serbisyo sa telehealth. Maaaring piliin ng mga provider na gamitin ang mga kagamitan na ito o maaaring gumamit ng isang pangkalahatang kasunduan sa pahintulot na *naglalaman ng lahat ng mga kinakailangan sa itaas*.

Ang dokumentasyon ng pahintulot ng benepisyaryo ay kailangang ibigay sa ACBH at DHCS kapag hiniling.

[1] Dapat ding suriin ng mga provider ang gabay mula sa naaangkop na mga lupon ng paglilisensya para sa partikular na mga kinakailangan sa dokumentasyon ng telehealth.

Behavioral Health Department
Alameda County Health

Mga Tagubilin sa Provider sa Pagkuha ng Pasalitang Pahintulot sa Telehealth

Kung kukuha ng pasalitang pahintulot, basahin sa benepisyaryo ang pahayag sa ibaba, pagkatapos ay kopyahin/idikit ang impormasyon sa isang tala ng progreso sa loob ng medikal na record ng benepisyaryo.

> "Sa ilalim ng Medi-Cal mayroon kang opsyon na tumanggap ng mga serbisyo nang personal sa isang pagbisita nang harapan o sa pamamagitan ng telehealth. Kung nahihirapan kang ma-access ang mga personal na serbisyo dahil sa transportasyon, ang Medi-Cal ay nagbibigay ng saklaw para sa mga serbisyong transportasyon kapag naubos o nagamit na ang ibang mga mapagkukunan. Maaaring may mga limitasyon o panganib na may kaugnayan sa pagtanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth sa halip na sa personal. Halimbawa, [Magdagdag ng mga detalye]
>
> _____
>
> _____
>
> Kung pipiliin mong tumanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth, maaari mong bawiin ito anumang oras at ipaalam sa amin. Kung magbago ang iyong isip tungkol sa paggamit ng telehealth, magkakaroon ka pa rin ng access sa mga serbisyo na sakop ng Medical."
>
> Binasa ng Provider ng Serbisyo ang Form ng Pahintulot ng Telehealth ng ACBH sa Pasyente. Nauunawaan at sumasang-ayon ang pasyente sa mga nabanggit na mga pahayag sa itaas. Ang pasyente ay nagbigay ng pasalitang pahintulot na tumanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa provider ng serbisyo sa pamamagitan ng telehealth.

Mga Tagubilin sa Provider sa Pagkuha ng Nakasulat na Pahintulot sa Telehealth

Kumpletuhin ang form ng Pahintulot ng Telehealth at isama sa medikal na record ng benepisyaryo.

Nakasulat na Pahintulot na Makilahok sa Mga Serbisyo sa Pamamagitan ng Telehealth

Behavioral Health Department
Alameda County Health

1. Sumasang-ayon akong tumanggap ng mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng telehealth sa _____ [Pangalan ng Provider ng Serbisyo, Lisensya]. Naiintindihan ko na:

    a. May karapatan akong ma-access ang mga serbisyong sakop ng Medi-Cal sa pamamagitan ng personal at harapan na pagbisita o sa pamamagitan ng telehealth.

    b. Ang paggamit ng telehealth ay boluntaryo, at maaari kong bawiin ang aking pahintulot sa, o itigil, ang pagtanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth anumang oras nang hindi naapektuhan ang aking kakayahang ma-access ang mga sakop na serbisyo sa hinaharap.

    c. Nagbibigay ang Medi Cal ng saklaw para sa mga serbisyo sa transportasyon at mga serbisyo sa personal kapag ang iba pang mga mapagkukunan ay rasonableng naubos o nagamit na.

    d. Maaaring may mga limitasyon o panganib na may kaugnayan sa pagtanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth kumpara sa isang personal na pagbisita, kung naaangkop.

2. Nabasa ko nang mabuti ang dokumentong ito, nauunawaan ang mga potensyal na limitasyon at panganib ng pagtanggap ng mga serbisyo sa pamamagitan ng telehealth, at nasagot nang husto ang aking mga katanungan.

_____	_____
Pangalan ng Benepisyaryo	Pangalan ng Tagapag-alaga (kung naaangkop)
_____	_____
Lagda ng Benepisyaryo (o Tagapag-alaga, kung angkop)	Petsa